Sangguniang Panglungsod

# KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 04-303

**KAPASIYAHAN PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KARAPATAN AT KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, MGGL. JAIME R. FRESNEDI NA PUMASOK AT LUMAGDA SA ISANG " MEMORANDUM OF AGREEMENT " NITO, KAUGNAY SA KAHILIGAN NG SPRINGVILLE HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC. NA PALUWALAN NG LUNGSOD ANG HALAGANG ISANG MILYON PITONG DAAN WALUMPUNG LIBO, ANIMNARAAN AT LIMANG PISO (P1,780,605.00) BILANG KABUUANG BAYAD SA LUPANG IPINAGBIBILI NI JOSE O. SAMONTE SA PAMAMAGITAN NG COMMUNITY MORTGAGE PROGRAM (CMP) NG NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC) SA NABANGGIT NA SAMAHAN.**

*****************************************************************************************

Ipinanukala nina: ***Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Rene Carl S. Cayetano***
***Kgg. Artemio A. Simundac***
***Kgg. Aldrin L. San Pedro***
***Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Santiago V. Carlos, Jr.***
***Kgg. Christian Glenn D. Lorica***

*****************************************************************************************

**SAPAGKAT,** itinadhana ng Batas Republika 7160 na mas kilala bilang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991. Tsapter 2, Seksiyon 17, Pangunahing Serbisyo at Pasilidad, Talata (b) Bahagi 3 (VII) ang pagkakaroon ng programa at proyekto ng mga Lungsod para sa Panlipunang Pabahay;

**SAPAGKAT,** inaatasan ang Pamahalaang Lokal ng Batas Republika Bilang 7279, na mas higit na kilala bilang "Batas para sa Panlungsod na Kaunlaran at Pabahay ng taong 1992, Artikulo X, Seksiyon 39, ang pagpapatupad sa programang pabahay ng nabanggit na Batas;

**SAPAGKAT,** hangarin ng Lungsod na Muntinlupa na matamo ang isang panlipunang pagpapabuti sa mamamayang kapuspalad at walang katiyakan sa paninirahan sa pamamagitan ng Kalunsurang Pagbabago at Panlipunang Katarungan upang mai-angat ang kanilang kalagayan sa pamumuhay;

**SAPAGKAT,** ang ***Springville Homeowners Association, Inc***. (SVHAI) ay may proyektong palupa at pabahay para sa Tatlumpu't Limang (35) mga kasapi nito na pawang mga naninirahan sa lupa na pag-aari at ipinagbibili ni G. JOSE O. SAMONTE sa nabanggit na samahan sa pamamagitan ng ***Community Mortgage Program*** (CMP) ng ***National Home Mortgage Finance Corporation*** (NHMFC) Kalakip ay ang sipi ng ***Memorandum of Agreement,*** bilang **Lakip "A"** nito;

**SAPAGKAT,** ang nabanggit na lupa ay may Katibayan ng Pagmamay-ari Blg. 210505 na nakatala kay **JOSE O. SAMONTE** na may sukat na Isang Libo Tatlong Daan Dalawampu't Dalawang (1,322) metro kuwadrado, humigit-kumulang, at matatagpuan sa 217 Pedro Diaz St., Poblacion, Lungsod ng Muntinlupa at ipinagbibili sa halagang Isang Libo Walong Daan (1800) bawat metro kuwadrado o sa kabuuang halaga na Dalawang Milyon Tatlong Daan Pitumpu't Siyam na Libo Anim na Daang Piso (Php2,379,600.00);

**SAPAGKAT,** noong **Hulyo 17, 2000**, ang pamunuan ng SVHAI ay lumiham sa *Punonglungsod*, Mggl. **JAIME R. FRESNEDI** na humihiling na paluwalan ng Lungsod ang bayad sa lupa sa halagang P2,379,600.00 sa pamamagitan ng *Land Banking – Interim Financing Program for Socialized Housing* ng Lungsod, sa kadahilanang nagmamadali na ang nabanggit na nagmamay-ari. Kalakip ay ang sipi ng nasabing liham bilang **Lakip "B"** nito;

**SAPAGKAT,** ang SVHAI ay nakatanggap din ng liham na may petsang Setyembre 23, 2003, mula kay Mggl. **Francisco J. Malate, Jr.**, abogado ni G. Samonte na nagsasabi na kanila nang binabalewala ang nabanggit na *Memorandum of Agreement* at nag-uutos din ito sa mga kasapi ng SVHAI na umalis na sa lupang kanilang tinitirahan. Kalakip nito ang nabanggit na Liham, bilang Lakip **"k"**;

**SAPAGKAT,** ang Pamunuan ng SVHAI ay nagpalabas ng isang *Board Resolution* No. 9, na may petsang **Enero 23, 2004**, Serye ng 2004, na humihiling sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na paluwalan ang nabanggit na halagang **P1,780,605.00** sa pangambang magharap ng demandang pagpapa-alis sa hukuman si **G. Samonte**. Kalakip ay ang sipi ng *Board Resolution* No. 9, bilang **Lakip "D"**;

**SAPAGKAT,** nagkaroon ng serye ng pagpupulong para mapag-ayos ang magkabilang panig, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Ugnayang Pangmaralitang Tagalungsod, upang hindi na humantong sa hukuham ang nabanggit na usapin at isinangguni ang paksang kahilingan ng Samahan sa Punonglungsod, **Mggl. JAIME R. FRESNEDI,** na kung saan ay pinagtibay niya na paluwalan ng Lungsod ang halagang **P1,780,605.00** bilang kabuuang bayad ng lupa na binili ng SVHAI kay G. Samonte.

*Pahina 3*
***Kapasiyahang Panlungsod Bilang 04-303***

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN, PINAGKAISAHAN PAGTIBAYIN** ng SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MUNTINLUPA na ang kahilingan ng SPRINGVILLE HOMEOWNERS ASSN. INC. na paluwalan ng PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA ang halagang **ISANG MILYON, PITONG DAAN WALUNGPUNG LIBO ANIMNARAAN AT LIMANG PISO (1,780,605.00)** bilang kabuuang bayad sa lupang ipinagbibili ni G. JOSE O. SAMONTE sa nabanggit na samahan para sa programang pabahay, at bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod Mggl. Jaime R. Fresnedi na pumasok at lumagda sa isang "**Memorandum of Agreement**" at kaukulang "**Deed of Assignment**" nito.

**PINAGTIBAY**, ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong ika-**19** ng **Pebrero** 2004, sa ginanap na ika-**105** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**SANTIAGO V. CARLOS, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod



**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo Pederasyon ng*
*Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo - Samahan ng mga*
*Punong Barangay*

**LIBAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Pansamantalang Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod:*
*Petsa:* ________

***Nory/21904***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos.:842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196